



TANONG:

Kapag ang isang muslim ay dumaranas ng maraming problema sa kanyang buhay at hindi niya ito masolusyonan, maari po ba siyang manalangin ng kamatayan para sa kanyang sarili upang siya ay maibsan mula sa mga problemang ito?

SAGOT:

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah.

Una: Ang mahabang buhay na kung saan nakakagawa ng mga kabutihan ang isang mananampalataya ay mas mainam para sa kanya kaysa sa kamatayan.

Sinabi ng Propeta ﷺ,

خَيْرَ النَّاسِ مَنْ طَالَ عُمُرُهُ وَحَسَنَ عَمَلُهُ

“Ang pinakamainam sa mga tao ay siyang namuhay ng matagal at gumawa ng kabutihan.” (1)

Sinabi din niya ﷺ,

طُوبَى لِمَنْ طَالَ عُمُرُهُ وَحَسَنَ عَمَلُهُ

“Mabuting balita (ng pagpapala) ang para sa sinomang namuhay ng matagal at gumawa ng kabutihan.” (2)

Sinabi ni Abu Hurayrayh (kalugdan nawa siya ni Allah):

كَانَ رَجُلَانِ أَسْلَمَا مَعَ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَاسْتَشْهَدَا أَحَدُهُمَا وَأَجْرَ الْآخَرِ سَنَةً . قَالَ طَلْحَةُ بْنُ عُبَيْدٍ اللَّهِ : فَأَرَيْتُ الْجَنَّةَ ، فَرَأَيْتُ فِيهَا الْمُؤَخَّرَ مِنْهُمَا أَدْخَلَ قَبْلَ الشَّهِيدِ ، فَعَجِبْتُ لِذَلِكَ ، فَأَصْبَحْتُ فَذَكَرْتُ ذَلِكَ لِرَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ ، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ : أَلَيْسَ قَدْ صَامَ بَعْدَهُ رَمَضَانَ ! وَصَلَّى سَنَةً أَلْفَ رَكْعَةٍ أَوْ كَذَا وَكَذَا رَكْعَةً ! صَلَاةَ السَّنَةِ

Mayroong dalawang lalaki na nagmuslim at nakasama ang Propeta ﷺ. Ang isa sa kanila ay naging shaheed (martir -namatay sa digmaan) at ang isa nama’y tumagal pa ng isang taon (ang pamumuhay). Sabi ni Talhah bin ‘Ubaydillah, “Nakita ko ang Paraiso (sa isang panaginip) at nakita ko na ang nahuling pumanaw ay mas naunang ipinapasok sa Paraiso kaysa sa martir. Ikinagulat ko ito at kina-umagaha’y kinuwento ko sa Sugo ni Allah ﷺ. Sinabi ng Sugo ni Allah: “Hindi ba’t nakapag-ayuno pa siya ng Ramadan (pagkatapos mamatay nang martir), at nakapagsalah pa siya ng anim na libong Rak’ah o (katumbas ng) isang pagdarasal ng isang taon?” (3)

Sinabi ng isang lalaki:

يَا رَسُولَ اللَّهِ ، أَيُّ النَّاسِ خَيْرٌ ؟ قَالَ : مَنْ طَالَ عُمُرُهُ وَحَسَنَ عَمَلُهُ ،
قَالَ : فَأَيُّ النَّاسِ شَرٌّ ؟ قَالَ : مَنْ طَالَ عُمُرُهُ وَسَاءَ عَمَلُهُ

“O Sugo ni Allah, sino po ang pinakamabuting tao?” Sagot niya ﷺ, “Siyang tumagal ang kanyang buhay at mabuti ang kanyang mga gawain.” Sabi (ng lalaki) “Sino naman po ang pinakamasamang tao?” Sagot niya ﷺ, “Siyang tumagal ang kanyang buhay at masama ang kanyang mga gawain.” (4)

Sinabi ni Imam at-Teebi (kaawaan nawa siya ni Allah), “Ang panahon at mga oras ay tulad ng puhunan ng isang negosyante, kaya’t marapat na ito ay igugol kung saan siya kikita. Kung mas malaki ang puhunan ay (dapat na) mas malaki ang kikitain. Sinomang nakinabang sa kanyang buhay sa (pamamagitan ng) paggawa ng kabutihan ay siyang nanalo at nagtagumpay. At sinomang nag-aksaya ng kanyang puhunan ay malulugi at kalaunan ay tiyak na matatalo.”

Gayundin, sinabi sa isa sa mga Salaf: “Ang kamatayan ay makabubuti”

Sagot niya, “O aking anak, huwag mong hangarin. Tunay na ang isang oras sa iyong buhay na ikaw ay nakahihingi ng tawad kay Allah ay higit pang mainam para sa iyo kaysa sa kamatayan.”

Ang isang matandang lalaki mula sa kanila ay sinabihang , “Gusto nyo na bang mamatay?” Sagot niya, “Hindi pa, dahil lumipas na ang kabataan at ang kasamaan (na dulot) nito, dumating (naman) ang katandaan at ang mga kabutihan nito. Kapag ako ay tatayo, ang sinasabi ko ay Bismillaah (sa ngalan ni Allah) at kapag ako ay uupo, ang sinasabi ko ay Al-hamdu Lillaah (ang lahat ng papuri ay kay Allah)—iniibig kong magpatuloy pa ito.”

Marami sa mga Salaf ang umiiyak (sa oras) ng kanilang kamatayan dahil sa pagtigil ng mabubuti nilang gawain.

Sa kadahilanang ito ay ipinagbawal ng Propeta ﷺ ang paghiling ng kamatayan dahil pinagkakaitan nito ang isang mananampalataya ng kabutihan mula sa (mga gawaing) pagsunod, tamis ng pagsamba, pagkakataon upang makapagbalik-loob at ang mapunan ang nakalipas (na mga pagkukulang).

Isinalaysay ni Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah) na ang Sugo ni Allah ﷺ ay nagsabi,

لَا يَتَمَنَّيَ أَحَدُكُمْ الْمَوْتَ ، وَلَا يَدْعُ بِهِ مِنْ قَبْلِ أَنْ يَأْتِيَهُ ، إِنَّهُ إِذَا مَاتَ أَحَدُكُمْ انْقَطَعَ عَمَلُهُ ،
وَإِنَّهُ لَا يَزِيدُ الْمُؤْمِنَ عُمُرَهُ إِلَّا خَيْرًا

“Walang sinoman sa inyo ang maghahangad ng kamatayan o manalangin para dito bago pa ito dumating. Tunay na kapag ang isa sa inyo ay namatay ay naputol ang kanyang mga gawain, (samantalang) walang naidudulot ang pagdaragdag ng edad ng isang mananampalataya liban sa kabutihan.” (5)

Ipinagsama niya ang pagbabawal sa paghahangad ng kamatayan at ang pagbabawal na ipinalangin ang kamatayan para sa sarili. Sa isang salaysay ay sinabi ng Propeta ﷺ,

لَا يَتَمَنَّيَ أَحَدُكُمْ الْمَوْتَ ، إِذَا مُحْسِنًا فَلَعَلَّهُ يَزِدَّادُ ، وَإِذَا مُسِيئًا فَلَعَلَّهُ يَسْتَعْتَبُ

“Walang sinoman sa inyo ang maghahangad ng kamatayan dahil kung siya ay matuwid ay maari siyang magdagdag (ng kabutihan) at kung siya ay palasuway ay maaari siyang tumigil.” (6)

Sabi ni Imam an-Nawawi, “Sa hadeeth na ito ay (matatagpuan) ang paglilinaw na Makrooh (o kamuhi-muhi) ang paghahangad ng kamatayan dahil sa isang pinsala na dumatin sa isang tao. Ito man ay pagsubok, pinsala na dulot ng mga kaaway o iba pang paghihirap sa mundo. Subalit kung siya ay natatakot na mapinsala o malagay sa panganib ang kanyang pananampalataya ay hindi na ito magiging Makrooh batay sa hadeeth, bagkus ay ginawa ito ng ilan mula sa mga Salaf. Ang sinabi naman niya na “maaari siyang tumigil” ay ang matamo ang kaluguran ni Allah sa pamamagitan ng paghingi sa ng tawad sa Kanya.”

May isa pang rason kung bakit hindi maaari ang paghahangad ng kamatayan:

Ang pag-aagaw-buhay ay sadyang napakahirap, ang pagsubok na ito ay magsisiwalat (sa mga sikreto ng tao) at wala itong kaparehas sa (mga nangyayari sa isang) indibidwal. Pagkatapos ay hindi din alam ng tao kung ano ang naghahintay sa kanya pagkaraan ng kamatayan. Hinihiling natin kay Allah ang (Kanyang) pangangalaga. Ang paghahangad sa kamatayan ay pagnanais ng isang bagay na hindi kontrolado ay kasama nito ang paghahingalo ng sarili. Kung siya ay naghahangad ng kamatayan dahil sa hirap na kanyang dinaranas, siya ay nagmumula sa init at nais manirahan sa apoy. Maaaring pagkatapos ng kamatayan ay mahulog siya sa mas malalang sitwasyon kaysa sa kinalalagyan niya ngayon. Magkagayon, ang paghahangad ng kamatayan ay pagmamadali (na mangyari) ang isang kalamidad bago pa ito mangyari. Hindi ito gagawin ng matalinong tao, sinabi ng Propeta ﷺ,

لَا تَتَمَنَّوْا لِقَاءَ الْعَدُوِّ ، وَسَلُّوْا اللّٰهَ الْعَافِيَةَ

“Huwag ninyong hangarin na makatagpo ang mga kalaban, humingi kayo kay Allah ng proteksyon (mula sa lahat ng kasamaan).” (7)

May isa pang hadeeth na katulad nito subalit ito ay *Da’eeef* (mahina)

Isinalaysay ni Jaabir ibn ‘Abdullah (kalugdan nawa siya ni Allah) na ang Sugo ni Allah ﷻ ay nagsabi,

لَا تَمَنَّوْا الْمَوْتَ ، فَإِنَّ هَوْلَ الْمَطَّلَعِ شَدِيدٌ ، وَإِنَّ مِنَ السَّعَادَةِ أَنْ يَطُولَ عُمُرُ الْعَبْدِ وَيَزُرُقَهُ اللّٰهُ الْإِنَابَةَ

“Huwag ninyong hangarin ang kamatayan dahil ang kasunod nitong pighati o hirap ay napakatindi. Isa sa mga (biyayang) nakapagpapasaya ay ang pamumuhay ng matagal ng isang alipin habang nagagabayan ni Allah sa paghingi ng tawad.” (8)

Nakarinig si ‘Abdullah ibnu ‘Umar (kalugdan nawa siya ni Allah) ng isang lalaking humihiling ng kamatayan, sinabi niya dito, *“Huwag kang maghangad ng kamatayan dahil papanaw ka din. Manalangin ka kay Allah ng kaayusan dahil ang pumanaw ay nalalantad sa matinding pagdurusa.”*

Sabi ni Imam ibnu Rajab (kaawaan nawa siya ni Allah), *“Marami sa mga matutuwid na tao ang naghahangad ng kamatayan habang sila ay malulusog, subalit nang dumatal ito sa kanila ay kinamuhian nila dahil sa hirap nito. Kabilang na sa kanila si Abud-Dardaa’ at Sufyaan ath-Thawri, paano pa kaya sa iba?”*

Kung ang paghahangad ng kamatayan ay dahil sa dumarating na pinsala o pagsubok sa mga makamundong bagay, ito ay ipinagbabawal dahil nangangahulugan ito ng kawalan ng pagtitiis sa kanyang pinagdaraan.

Naiulat mula kay Anas bin Maalik (kalugdan nawa siya ni Allah), na ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

لَا يَتَمَنَّيَنَّ أَحَدُكُمْ الْمَوْتَ مِنْ ضُرِّ أَصَابِهِ ، فَإِنْ كَانَ لَا بُدَّ فَاعِلًا فَلْيُقِلَّ :
اللَّهُمَّ أَحْيِنِي مَا كَانَتْ الْحَيَاةُ خَيْرًا لِي ، وَتَوَفَّنِي إِذَا كَانَتْ الْوَفَاةُ خَيْرًا لِي

“Walang sinoman sa inyo ang dapat na maghangad ng kamatayan dahil (lamang) sa pinsalang dumating sa kanya. Subalit kung napipilitan siyang gawin ito, ang marapat niyang sabihin ay, Allahumma ah-yeenee maa kaanatil-hayaatu khayran lee, wa tawaffinee idhaa kaanatil-wafaatu khayran lee “O Allah, panatilihin po Ninyo akong buhay hangga’t nakabubuti para sa akin ang buhay at kunin ninyo ang Aking buhay kung ang pagpanaw ang higit na mas mainam para sa akin.” (9)

Ang sinabi niyang **“dahil (lamang) sa pinsalang dumating sa kanya”** ay nangangahulugan ng makamundong pinsala (o paghihirap) gaya ng karamdaman, pagkawala ng yaman, mga anak at iba pang katulad nito. Kung ang ikinatatakot naman niya ay pinsala sa kanyang pananampalataya gaya ng *fitnah* ay walang problema sa ganitong paghahangad ng kamatayan, tulad ng mga babanggitin sa ibaba.

Marahil siya na naghahangad ng kamatayan upang makapagpahinga sa mga pinsalang ito ay madagdagan lamang ang kanyang mga paghihirap nang hindi niya nalalaman.

Isinalaysay mula kay 'Aa'ishah (kalugdan nawa siya ni Allah) na may nagsabi,

يَا رَسُولَ اللَّهِ ، مَا تَنْتَ فُلَانَةٌ ، وَاسْتَرَا حَتْ ، فَغَضِبَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَقَالَ :
إِنَّمَا يَسْتَرِيحُ مَنْ غُفِرَ لَهُ

“O Sugo ni Allah, namatay si fulaanah at nakapagpahinga na siya.”

Nagalit ang Sugo ni Allah at sinabi niya, “Ang tanging nakapagpapahinga ay siyang napatawad.” (10)

Ikalawa: Mayroon ding mga sitwasyon na pinapayagan ang paghahangad ng kamatayan, kabilang dito ang mga sumusunod.

1. Siyang natatakot para sa kanyang pananampalataya dahil sa mga *fitnah* (kalamidad o tukso na maglilihis sa kanya mula sa kanyang pananampalataya)

Walang pag-aalinlangan na ang pagkamatay ng isang tao na maglalayo sa kanya mula sa *fitnah*, kahit pa ang mga gawain niya ay kakaunti—ay mas maniman para sa kanya kaysa ang malagay sa *fitnah* ang kanyang pananampalataya. Hinihiling natin kay Allah ang Kanyang pangangalaga.

Naiulat mula kay Mahmood ibn Labeed (kalugdan nawa siya ni Allah) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

اِنَّتَانِ يَكْرَهُهُمَا ابْنُ اَدَمَ : الْمَوْتُ ، وَالْمَوْتُ خَيْرٌ لِلْمُؤْمِنِ مِنَ الْفِتْنَةِ ، وَيَكْرَهُهُ فَلَّةَ الْمَالِ ، وَقَلَّةَ الْمَالِ اَقْلُ لِلْحِسَابِ
“Dalawang bagay ay kinamumuhian ng anak ni Adam: ang kamatayan—(kahit pa) ang kamatayan ay mas mainam sa mananampalataya kaysa sa fitnah, at ang kakaunting yaman—samantalang ang mas kakaunting yaman ay (nangangahulugan ng) mas kaunting paghahatol.” (11)

Ang kapahintulutan ng paghahangad sa kamatayan sa mga ganitong sitwasyon ay itinuro din sa sa panalangin ng Propeta ﷺ,

وَإِذَا أَرَدْتَ بِعِبَادِكَ فِتْنَةً فَأَفِيضْنِي إِلَيْكَ غَيْرَ مَفْتُونٍ
**“At kung itatakda Ninyo ang fitnah (sa mga tao)
ay kunin Ninyo ako tungo sa Inyo nang hindi nalalagay sa fitnah.” (12)**

Sinabi ni Imam Ibnu Rajab (kaawaan nawa siya ni Allah), *“Ito ay pinahihintulutan ayon sa nakararaming iskolar.”*

Batay dito, ang mga ulat mula sa mga Salaf na sila ay naghahangad ng kamatayan ay dapat maunawaan na sila ay naghahangad nito dulot ng pangamba mula sa fitnah.

Iniulat ni Imaam Malik na sinabi ni Sa'eed ibnul-Musayyib, *“Nang dumating si Umar ibnul-Khattaab mula sa Mina, pinaluhod niya ang kanyang kamelyo sa al-Abtah, nag-ipon siya ng ilang tumpok ng maliliit na bato at inilagay niya dito ang kanyang balabal. Pagkatapos ay iniangat niya ang kanyang mga kamay tungo sa kalangitan at nanalangin siya, “O Allah, ako ay tumanda na at humina na ang aking kalakasan. Naglipana ang aking mga nasasakupan **ra'iiyaty**. Kunin Niyong na po ako na walang pagkukulang at walang pagpapabaya.” Sabi ni Sa'eed, “Hindi pa natatapos ang Dhul-Hijjah ay pinaslang na sa 'Umar (kalugdan nawa siya ni Allah).”*

Sabi ni Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah), *“Sinomang makakita na ibinibenta ang kamatayan, bilhin niya ito para sa akin” (13)*

2. Kapag ang kamatayan ay pagiging Shaheed sa landas ni Allah.

Maraming hadeeth ang naiulat hinggil sa kainaman ng paghahangad ng kamatayan sa ganitong kalagayan,

Iniulat ni Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

لَوْلَا أَنْ أَشَقَّ عَلَى أُمَّتِي مَا قَعَدْتُ خَلْفَ سَرِيَّةٍ ،
وَلَوْ دِدْتُ أَنِّي أُقْتَلُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ ، ثُمَّ أَحْيَا ثُمَّ أُقْتَلُ ، ثُمَّ أَحْيَا ثُمَّ أُقْتَلُ

“Kung hindi (lang) magiging mahirap para sa aking Ummah ay hindi ako magpapaiwan sa anumang hukbo. Pinapangarap kong mapaslang sa landas ni Allah, at pagkatapos ay muling mabuhay upang mapaslang at pagkatapos ay muling mabuhay upang mapaslang.” (14)

Hinangad ng Sugo ﷺ na mapaslang sa landas ni Allah at ito ay dahil lamang sa mataas na kahigitan ng *Shahadah* (pagiging martir).

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi,

مَنْ سَأَلَ اللَّهَ الشَّهَادَةَ بِصِدْقٍ بَلَغَهُ اللَّهُ مَنَازِلَ الشُّهَدَاءِ وَإِنْ مَاتَ عَلَى فِرَاشِهِ

“Sinomang manalangin kay Allah ng *Shahadah* (pagiging martir) nang mayroong katapatan sidq, paaabutin siya ni Allah sa antas ng mga martir kahit pa siya ay namatay sa kanyang higaan.” (15)

Ang mga Salaf (kalugdan nawa sila ni Allah) ay iniibig ang kamatayan sa landas ni Allah.

Sinabi ni Abu Bakr (kalugdan nawa siya ni Allah) hinggil sa sinungaling na si Musaylimah nang siya ay nag-angkin ng pagka-propeta, *“Sumpa man kay Allah! Lalaban ko sila sa pamamagitan ng mga taong nagmamahal sa kamatayan gaya ng pagmamahal nila sa buhay.”*

Nagsulat si Khalid bin Waleed (kalugdan nawa siya ni Allah) para sa mga taga Persia (at sinabi niya dito), *“Sumusumpa ako sa Kanya na walang ibang diyos liban Siya, tiyak na magpapadala ako sa inyo ng mga taong nagmamahal sa kamatayan gaya ng pagmamahal ninyo sa buhay.”*

Tunay na ang antas na ito ay kanais-nais at huwag nawa ito ipagkain sa atin ni Allah. Ang paghahangad nito ay (isang bagay na) kapuri-puri sa lahat ng aspeto nito. Ang sinomang nagawaran nito ay hindi mapagkakaitan ng pabuya ng mga mabubuting gawain na dahilan upang mamuhay—na mas mainam kaysa sa kamatayan. Katiyakan din na ang nagtamo ng antas na ito ay iliigtas ni Allah mula sa pagsubok/parusa sa libingan.

Iniulat ni Salmaan (kalugdan nawa siya ni Allah): Narinig ko ang Sugo ni Allah ﷺ na nagsasabing

رِبَاطُ يَوْمٍ وَلَيْلَةٍ خَيْرٌ مِنْ صِيَامِ شَهْرٍ وَقِيَامِهِ ،
وَإِنْ مَاتَ جَرَى عَلَيْهِ عَمَلُهُ الَّذِي كَانَ يَعْمَلُهُ ، وَأُجْرِي عَلَيْهِ رِزْقُهُ ، وَأَمِنَ الْفِتَانَ

“Ang isang araw o gabi sa Ribaat (o pagdepensa sa hangganan ng teritoryo ng mga muslim) ay higit pang mainam kaysa sa pag-aayuno at pagdarasal sa gabi sa loob ng isang buwan. Kapag siya ay namatay, jara igagawad sa kanya ang gantimpala ng mga gawain kinagawian niyang gawin, pagkakalooban siya ng biyaya at magiging ligtas siya mula sa dalawang nag-uusig (ang mga anghel na sina Munkar at Nakeer (sila ang naitalaga para sa pag-uusig/pagtatanong sa libingan).” (16)

Bilang pagbubuod: Makrooh para sa isang Muslim na maghangad ng kamatayan kung ito ay dahil sa makamundong pinsala o pagsubok. Bagkus, ang marapat sa kanya ay magtiis at humingi ng tulong kay Allah. Hinihiling natin kay Allah na mapagtagumpayan mo ang anumang paghihirap na iyong pinagdaraan.

At si Allah ang higit na nakakaalam.

1. Iniulat ni Imam Ahmad, at-Tirmidhi (110), tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Saheeh at-Tirmidhi
2. Iniulat ni Imam at-Tabaraani at Abu Na'eem, tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Saheeh al-Jaami', (3928)
3. Iniulat ni Imam Ahmad sa kanyang Musnad (8195), tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Silsilah as-Saheehah, (2591)
4. Iniulat ni Imam Ahmad at Imam at-Tirmidhi (2330); tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Saheeh at-Tirmidhi
5. Saheeh Muslim (2682)
6. Saheeh al-Bukhaari (7235)
7. Saheeh al-Bukhaari (7273)
8. Iniulat ni Imam Ahmad subalit tinukoy ni Shaykh al-Albaani bilang Da'eef sa Silsilatul-Ahaadeeth ad-Da'eefah, (885)
9. Saheeh al-Bukhaari 6351, Saheeh Muslim (2680)
10. Musnad Ahmad (24192) at tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Silslatus-Saheehah (1710)
11. Iniulat ni Imam Ahmad at tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Silsilatus-Saheehah (813)
12. Iniulat ni Imam at-Tirmidhi, (3233), tinukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Saheeh al-Jaami'
13. Ath-Thabaat 'indal-Mamaat ni Imam ibnul-Jawzi, p.45
14. Saheeh al-Bukhaari (36)
15. Saheeh Muslim (1909)
16. Saheeh Muslim (1913)

Halaw mula sa <https://islamqa.info/ar/46592> at <https://islamqa.info/en/46592>

Isinalin sa wikang tagalog ni Abu Muwahhid Lut Gilman